

1

“Congratulations, Misis, you’re six weeks pregnant!” nakangiting balita sa kanya ng doktora. “Siguradong matutuwa si Mister.”

Halos lumundag si Samantha sa sobrang tuwa. Walang kasing-ligaya ang nadarama niya sa mga sandaling ito. Hinaplos niya ang impis na tiyan. Hindi siya makapaniwalang may munting buhay na pumipintig doon.

My baby! Lihim siyang nagpasalamat sa Diyos sa biyayang nakamit niya. “Thank you po, Doktora!” Malawak ang ngiti niya; hindi siya makapaghintay na sabihin sa fiancé ang magandang balita. Siguradong matutuwa ito gaya ng nararamdaman niya. Mahigit isang taon na silang magkasintahan ni Christian. Nang nakaraang buwan ay nag-propose ito ng kasal sa kanya na kaagad niyang tinanggap. Matagal na niyang inaasam na maging Mrs. Christian Mendez.

“I’ll give you some vitamins para mas maging healthy ang baby sa sinapupunan mo, and I suggest you come to me for a monthly check-up,” anang doktora. Nagsulat ito sa prescription pad at ibinigay sa kanya.

“Thank you, Doktora!” Tumayo na siya at nilapitan ang medical secretary nito upang magbayad ng service fee.

Hindi mapawi-pawi ang ngiti sa kanyang mga labi habang naglalakad siya papunta sa parking lot. Halos maluha siya sa sobrang kaligayahan. Ito na ang pinakamagandang regalong handog sa kanya ng Diyos. Pakaiingatan at pakamamahalin niya ito.

Kaagad niyang kinuha ang cellphone sa bag nang makarating siya sa kanyang sasakyan at nag-dial ng numero ng katipan. Kasalukuyan itong nasa Cebu para sa annual convention ng mga real estate developers. Isang linggo iyon at tatlong araw na ang nakalipas. Ilang araw na lang ang hihintayin niya, ngunit hindi na siya makapaghintay. Mas na-mi-miss niya ito ngayon. Isipin pa lang niya ang magiging reaksyon nito pag sinabi niyang malapit na itong maging ama ay na-e-excite na siya. Siguradong mas mapapaaga ang itinakda nilang kasal.

“The subscriber is out of coverage area. Please try your call later,” paulit-ulit na naririnig niya sa kabilang linya. Marahil naka-off ang cellphone nito.

Saglit lang siyang na-disappoint. Kaagad na lumiwanag ang kanyang mukha sa ideyang biglang gumuhit sa kanyang isipan. Susundan niya ito sa

Cebu! She would file a vacation leave. Hihikayatin niya ang nobyong manatili pa roon nang ilang araw. Magbabakasyon sila.

Masiglang pinaandar niya ang sasakyan. Ingat na ingat siya sa pagmamaneho. She needed to be extra-careful at this point of her life. She wouldn't want to put her baby at risk.

Dumaan siya sa nakitang bookstore at bumili ng pregnancy book. Bumili na rin siya ng mga vitamins na inireseta ng doktor.

Samantala, napabuntong-hininga si Christian habang ibinababa ang telepono. Nakailang tawag na siya sa cellphone ng nobya, ngunit wala pa ring sumasagot. Nagpasya siyang tumawag sa townhouse nito sa New Manila at ayon sa kasambahay nito ay hindi pa rin ito dumarating.

Halos alas nueve na ng gabi; nag-aalala na siya. Wala siyang alam na maaaring puntahan nito maliban na lang pag nasa Manila siya. Halos araw-araw silang magkasama—kumakain sa restaurant, nanonood ng sine at kadalasan ay inuuwi niya ito sa condo unit niya o kaya naman ay umuuwi siya sa townhouse ni Sam. Kulang na lang ang kasal para sila maging

ganap na mag-asawa.

Abot-abot ang kaba niya nang mag-propose siya rito ng kasal. Natatakot siyang baka hindi pa ito handa. Laking tuwa niya nang pumayag ito. Iyon na ang pinakamaligayang sandali ng kanyang buhay.

Tinatamad na tumayo siya mula sa pagkakahiga sa kama nang marinig ang katok sa pinto ng silid niya sa penthouse ng hotel na tinutuluyan. Nahihinuha na niyang si Chino ito at mangungulit lamang. Matalik niya itong kaibigan mula pa noong nasa kolehiyo sila. Anak-mayaman ito at assistant to the general manager ng pag-aaring kompanya ng mga magulang nito. Marahil hindi ito pinagkakatiwalaan nang lubos dahil na rin sa pagiging iresponsable at happy-go-lucky nito.

“Bakit, Pare?” bungad niya rito. Hindi pa man ito nagsasalita, may hinala na siya sa pakay nito sa kanya.

“Bro, let’s have some fun naman,” anyaya nito.

Napailing siya. Sinasabi na nga ba niya. Ilang araw na siya nitong kinukulit mag-bar-hopping sa lungsod, ngunit ilang ulit na rin niya itong tinanggihan. Sawa na siya sa buhay na ganoon.

“Bro, buong maghapon na tayo sa lintik na

seminar na iyan na wala naman akong naiintindihan sa pinagsasabi ng speaker. Mag-enjoy naman tayo,” agap nito nang akmang magsasalita siya upang muling tumanggi. “Sige na, ilang araw na akong nabuburo rito. Inip na inip na ako,”

Napabuntong-hininga siya. Hindi niya alam kung matatawa o maiinis sa kakulitan nito.

“C’mon Christian, ’wag mo na akong pahirapang kumbinsihin ka. We’ve been here for how many days already,” saad pa nitong mistulang gutom na gutom sa babae.

“Uh-oh! Hindi na ako puwedeng mambabae. You know that.”

Napatirik ang mga mata nito na tila naiirita sa kanya. “C’mon, Christian. We’re here in Cebu, we’re miles away from Manila. For sure, hindi ito malalaman ni Sam. Hindi naman kita isusumbong sa kanya.”

“Kahit na. I won’t do anything that will ruin our relationship,” matigas niyang saad. “I will never take the risk.”

“Okay, okay. I got it.” Ikinumpas nito ang kamay sa ere upang patigilin siya. “Mula nang magkakilala kayo ni Sam, naging santo ka na. Your life has been

boring, did you know that? Ewan ko ba kung ano ang ipinakain sa iyo ni Sam para magkaganyan ka,” naiiritang pahayag nito.

Natawa lamang siya sa reaksyon nito. “It’s love, Bro. You would understand me when the time comes that you meet the right woman for you.” Kumikislap ang mga mata niya pagkaalala sa kasintahan. He terribly missed her. Gustung-gusto na niyang umuwi upang makasama ito, subalit kailangan siya sa seminar na ito. Bukod pa sa may appointment siya sa mga Japanese investors para sa isang malaking proyekto sa susunod na mga araw.

“Yeah, right,” sarkastikong usal nito.

Napangiti na lang si Christian. Walang bagay ang makapagpapalungkot sa kanya lalo na tuwing iisipin niya ang nalalapit niyang kasal. Nakausap na niya ang mga magulang ng nobya sa Australia. Nagpunta sila roon ni Sam upang personal niyang hingin ang kamay ng nag-iisang anak ng mga ito. Pumayag ang mag-asawa at nangakong uuwi kaagad para tumulong sa pag-aayos sa kasal.

Both families wanted a grand wedding. Wala siyang tutol roon. He wanted to give his future wife the best in the world. But grand or simple, they wouldn’t mind dahil ang tanging mahalaga

lamang ay maging ganap na silang mag-asawa. At makasigurong pag-aari na niya habang-buhay ang babaeng pinakamamahal.

“Hoy, Pare, pangiti-ngiti ka d’yan na parang tanga. Nasisiraan ka na ba ng bait?” untag ni Chino sa pagdidili-dili niya.

“Guess what?” excited niyang tanong.

“What?”

“Sam and I are getting married,” aniyang kumikislap ang mga mata sa kaligayahan.

“Congratulations!” bati nitong totoo sa loob.

Natuon ang pansin niya rito. “Matuto ka nang maging seryoso sa buhay. And start looking for the right woman for you,” pangaral niya.

Nanlaki ang mga mata nito. Matinding pagtutol ang bumadha sa mukha nito. “Wag na ‘oy! I don’t want to be pathetic like you.”

Napangiti na lang si Christian. He used to say the same words before, but what happened? Kinain niya ang mga sinabi. He was hopelessly in love with Samantha!

“Are we going to have some fun or not?”

Matagal bago niya nagawang sumagot. Hindi niya gustong lumabas, subalit ayaw niyang sumama ang loob ng kaibigan. Sa huli, napagdesisyunan niyang pagbigyan na lamang ito.

“All right!” tuwang-tuwang bigkas nito. Dali-dali na itong nagtungo sa sariling kuwarto nang pinigil niya.

“But promise me no girls.”

“Oh, c’mon!” kaagad tutol nito.

“Kung gusto mo ikaw na lang,” hamon niya.

Sumusukong napabuntong-hininga ito. “Okay! Okay!”

Maagang-maaga pa lang ay nasa paliparan na ng Cebu si Sam. Sumakay siya ng taxi at nagpahatid sa hotel na tinutuluyan ng katipan.

Nagmamadali siyang sumakay sa elevator pagkatapos itanong ang kuwartong tinutuluyan nito. Dala-dala ng bellboy ang kanyang mga maleta. Marami siyang dalang gamit dahil desidido talaga siyang manatili pa ng ilang araw sa Cebu kasama ni Christian. Sigurado namang pagbibigyan siya nito. Wala pa siyang natatandaang hiniling niya rito nang

hindi nito ibinibigay. Ganoon siya kamahal ng lalaki.

“Thank you!” aniya sa bellboy, sabay bigay ng tip dito pagkatapos nitong buksan ang pinto. Alam niyang tulog pa ang nobyo. Napangiti siya sa naiisip na paraan ng paggising dito. Hinalik-halikan niya ito, hahapustin ang lahat ng parte ng katawan at siyempre alam na niya kung saan ang patutunguhan niyon.

Ilang ulit na niyang ginawa iyon tuwing magkasama silang natutulog. Hindi sapat ang buong magdamag upang maibsan ang pananabik nila sa isa't isa. Natuon ang paningin ni Sam sa nakabukas na pinto. Napahakbang siya palapit dito. Napalis ang ngiti sa mga labi niya nang makarinig ng ungol.

Ungol ng isang babae! Hindi niya alam kung saan galing ang kabang biglang bumangon sa kanyang dibdib. Walang ingay na pumasok siya sa loob.

Pakiramdam niya ay gumuho ang mundo sa nakita. May katalik na babae ang nobyo! Natatakpan ng kumot ang hubad na katawan ng mga ito. Nakapatong ang lalaki sa babae habang tila sabik na sabik na hinahalikan ng katipan ang huli.

Namanhid ang buong katawan niya at itinulos sa kinatatayuan. Hindi niya maigalaw ang mga paa upang lumayo sa lugar na iyon. She wanted to scream

but no words came out. Pakiramdam niya ay may malaking bikig sa kanyang lalamunan. Naramdaman na lang niya ang pagtulo ng masaganang luha sa kanyang mga pisngi.

“Who are you? Why are you here?” natatarantang tanong ng babae nang mapansin siya.

Doon siya parang nagising sa tila mahabang pagkatulog. Naghihistryang lumapit siya sa mga ito. Natatarantang lumayo ang babae at tinakpan ng kumot ang hubad na katawan nito.

Si Christian ay hindi makapaniwala sa nangyayari. Nalilito ito sa nagaganap, ngunit hindi niya pansin iyon. Wala siyang ibang nasa isip kundi saktan ang dalawa.

Sinabunutan niya ang nahihintakutang babae. “Walanghiya ka! Mga hayup kayo!” paulit-ulit niyang sigaw.

“Help me!”

“Sam, stop it!” awat sa kanya ni Christian na tila ngayon lang naiintindihan ang nangyayari. Niyakap siya nito at pilit inilayo sa babae.

Ito naman ang binalingan niya. Pinagbabayo niya ito sa dibdib. “Damn you! I hate you! I hate

you!” Walang hinto ang pagtulo ng luha sa kanyang mga mata. Parang biniyak ang puso niya sa nakitang pagtataksil ng lalaking pinakamamahal. “How could you do this to me?”

Pilit nitong hinuhuli ang kanyang kamay. Niyakap siya nito nang sobrang higpit. “Please let me explain. It’s not what you think, Babe,” usal nito sa naghihirap na kalooban.

“It’s not what I think? Hindi ako tanga at lalong hindi ako bulag!” Nagwala siya upang makawala sa mga bisig nito. “Don’t touch me! Damn you! Nandidiri ako sa iyo!”

“What’s happening here?” usisa ni Chino na nagising sa sigaw na naririnig. Gulat na gulat ito nang makita siya. At lalo itong nagulat sa nakita. Nagpapalit-palit ang tingin nito sa babaeng kumot lang ang saplot sa katawan at sa kaibigang naka-boxers lamang at pilit na nagpapaliwanag sa katipan.

Ni hindi niya ito sinulyapan. Nakatuon ang buong pansin niya sa namumulang mukha ng nobyo. Titig na titig sa kanya ang nagsusumamong mukha nito.

“Please, Sam, ’wag kang mag-isip ng kung ano. Please let me explain first,” pagsusumamo nito. Nababahala ito sa nakikitang matinding galit at

pagkamuhi na nakarehistro sa kanyang mukha.

“Ano pa ba ang ipapaliwanag mo? Na hindi mo gusto ang nangyari? Na inakit ka lang niya or worst, hindi mo kilala ang babaeng iyan?” sigaw niya.

“But that’s the truth!”

Tumawa siya nang pagak. “You’re making me laugh. Sa tingin mo maniniwala ako sa iyo, Christian?”

“Babe, please...”

“I don’t want to see you face ever again!” mariin niyang saad. Tinalikuran niya ito at halos tumakbo siya papunta sa pinto.

“Babe, please!” Pinigilan siya nito sa braso. “Give me a chance to explain. You know how much I love you. Di ko magagawang lokohin ka!” Halos lumuhod ito sa harap niya.

Sinampal niya ito nang ubod-lakas, ngunit hindi nito ininda ang sakit. “We’re through! Hindi ko kayang magpakasal sa lalaking katulad mo!” Bigla niyang nasapo ang tiyan. Nakaramdam siya ng sobrang sakit. Napaluhod siya at nanlaki ang mga mata sa nakitang pulang likidong dumadaloy sa binti niya.

Nanlaki ang mga mata ni Christian. “God! What’s happening?”

Don't Give Up On Us - Diane Garcia

Naging hysterikal siya. “My baby! My baby! Help me!” usal niya bago nagdilim ang kanyang paningin.

“Sam!”

2

Nang magmulat si Sam ay natagpuan niya ang sarili sa isang puting silid. Nagtaka siya kung bakit siya naroon. Nang maalala ang nangyari, parang gripong nabuksan ang kanyang mga mata. Walang hinto ang pagbukal ng luha.

“Ang baby ko!” usal niya, haplos-haplos ang tiyan. Lalo siyang napaiyak nang maalala ang pagdaloy ng dugo sa kanyang binti.

“Babe, I’m glad you’re awake now,” bungad ni Christian kasunod ang doktor. Nakangiti man ito ay bakas ang matinding kalungkutan at pagkabahala sa guwapong mukha nito.

Hikbi lang ang sagot niya rito.

“What happened to my baby?” kaagad niyang tanong sa doktor. Nakita niya ang nag-aalalang sulyap nito sa lalaki bago bumaling sa kanya.

Napapikit siya. Hindi na niya kailangan ng kasagutan, batid na niya ang totoo. Nawala na ang kanyang munting anghel! Impit siyang napasigaw. Hindi niya kayang tanggapin ang nangyayari.

“I’m sorry you’ve lost your baby.”

Nag-aalalang dinaluhan siya ni Christian. Ikinulong siya nito sa matitipunong bisig. “Hush, Sam! Stop crying. Makakasama sa iyo ang sobrang pag-iyak.”

Patuloy pa rin siya sa pag-iyak. “My baby! Why is this happening to me? Why?”

“Sam, please stop crying. Marahil hindi talaga para sa atin ang baby, kaya hindi pa man ito naisisilang ay kinuha na siya ng Diyos. Don’t worry, sabi naman ng doktor, makakagawa pa tayo ng ibang baby.” Gumagaralgal ang tinig nito habang nagsasalita.

Wala siyang naririnig. His comforting words were useless. Hindi niyon kayang pawiin ang matinding sakit na dulot ng pagkawala ng kanyang magiging anak. Marami na siyang nabuong pangarap para rito. Excited na siyang maging isang ina.

Matagal bago niya nagawang kalmahin ang sarili, subalit mistula siyang buhay na patay. Nakatulala at tahimik lamang. Hindi niya pinapansin ang lalaking walang hinto sa paghalik sa kanyang kamay at mukha.

Lalaki man, may luhang tumulo sa pisngi nito. “Sam, please talk to me,” gumaralgal ang tinig na pakiusap nito. “Don’t do this to me, please.”

Hindi siya nagsalita. Sa estado niya ngayon, wala siyang panahon para isipin ang nararamdaman ng ibang tao.

“Sam, please...” Desperado na ito sa nakikitang kawalang reaksiyon niya. Mas mamatamisin pa nitong makita siyang sumisigaw.

Nanlulumong lumabas sa kuwarto si Christian. Nanghihinang napaupo siya sa mahabang upuan. Nasapo niya ang mukha. Pinahid niya ang luha sa pisngi. He felt so helpless. Labis-labis ang sakit at takot na nararamdaman niya sa mga sandaling ito. Sakit sa pagkawala ng kanyang magiging anak. Matinding takot dahil baka mawala sa kanya ang babaeng pinakamamahal. Hindi niya iyon kayang tanggapin. Nahiling niya na sana ay panaginip lamang ang lahat.

Nang magpunta sila ni Chino sa isang bar malapit sa hotel, kaagad niyang napansin ang isang babaeng malagkit ang titig sa kanya. Lumapit ito sa kanilang dalawa at nakipagkilala. Ipinahalata niyang hindi siya interesado rito. Nabaling ang pansin nito kay Chino na hindi naman tinanggihan ng lalaki. Hindi niya isinatinig ang pagtangga nang kasama nila itong umuwi sa hotel.

Dahil sa pagod at puyat kaagad siyang nakaidlip.

Nagising na lamang siya nang maramdaman ang halik sa kanyang buong mukha at ang masusuyong haplos sa kanyang buong katawan. Napaungol siya nang maramdaman ang kamay nitong humahaplos sa kanyang kaselanan. Buong-init siyang tumugon. Sa isip niya ay ang nobya ang katalik. Miss na miss na niya ito.

Napamulat na lamang siya nang sumigaw ang katalik. Bigla siyang nalito nang makita ang babae sa bar na walang saplot at ang namumulang nobya na nakatayo sa pintuan.

“Christian...”

Napatingala siya sa nag-aalalang mukha ni Chino. Guilt was evident on his face. “Kumusta si Sam?”

Nasapo niya ang mukha sa tindi ng paghihirap ng kalooban. Gusto niyang sumigaw sa pinagsamang galit at sama ng loob. How could this happen to him? To Sam? And to their baby? Pero higit sa lahat, mas nasasaktan siya sa nakikitang galit at pagkamuhi sa kanya ng kasintahan. He couldn't bear it.

“We've lost our baby. She was two months pregnant,” may pait sa bawat katagang kanyang sinasambit.

“Oh, God!” Lalong tumindi ang guilt na mababanaag sa mukha ni Chino. “Forgive me, Bro. I am the one to blame. Kung hindi ko lang sana isinama sa penthouse natin si... ang babaeng iyon, hindi sana mangyayari ito,” anito, punung-puno ng pagsisisi ang himig ng boses.

Napatingin dito si Christian. Gusto niya itong sumbatan. Tama ito; hindi sana mangyayari ang lahat ng mga ito kung hindi dahil dito. Napailing siya sa sarili.

Ang matagal niyang hindi pagkibo ang lalong nagpadagdag sa pag-alala nito. “Forgive me, please. I’m willing to do everything to patch this mess. Kakausapin ko si Sam. Ipaliliwanag ko ang lahat. Sasabihin ko sa kanyang wala kang kasalanan. Nasa bar pa lang tayo ay pansin ko nang may gusto siya sa ’yo. Dapat ay hinayaan ko na lang siya at hindi na dinala sa penthouse.”

Nabuhayan siya ng pag-asa. Baka dahil dito ay malinawagan ang nagdidilim na isip ng nobya. He knew he was being desperate, but he would take all the chances para lamang hindi ito mawala sa kanya.

Narinig ni Samantha ang marahang pagbukas ng

pinto, ngunit hindi siya nag-abalang humarap. Kung sinuman ito, wala siyang pakialam. Ramdam niyang hindi ito ang dating nobyo.

Dating nobyo? Yes, because she had made up her mind. Nothing could change it even it means her whole life. He was her life. Dito umiikot ang mundo niya noon. Ngayon, magsisimula siyang mamuhay nang mag-isa at kakalimutan na niya ang masakit na karanasang ito.

Sobrang sakit ang idinulot nito sa kanyang buong pagkatao. Dalawang bagay ang nawala sa kanya—ang kanyang magiging anak at ang lalaking minahal. Hindi niya kayang tanggapin ang nagawa nitong pagtataksil sa kanya na naging mitsa ng pagkawala ng batang nasa sinapupunan niya na bunga ng pagmamahalan nila.

Ngayon ay nagdududa na siya kung totoo ngang mahal siya ng binata. He often said words of love to her that sent shivers to her whole system. Mapapaniwalaan pa ba niya ang mga salitang iyon gayong kitang-kita niya sa dalawang mata ang panloloko nito?

“I promise that you will be the only woman in my life from now on. Hindi na ako titingin sa ibang babae, pangako iyan.” Cliché, but she clung to those

words. In her heart, she treasured and memorized that promise. Ang laki niyang tanga para paniwalaan ang pangako nito.

Hindi niya kayang tanggapin na marami siyang kahati rito. Mababaliw siya sa sobrang paninibugho. Mas nanaisin pa niyang mamuhay mag-isa kaysa magdusa at magpakamartir para sa pag-ibig niya rito.

“Samantha...” anang baritonong boses.

Hindi siya lumingon kay Chino. Galit din siya rito. Sigurado siyang kasabwat ito ni Christian sa kalokohang iyon.

“Samantha,” muling tawag nito.

Hindi pa rin siya kumibo. Pinabayaang niyang isipin nitong natutulog siya.

Narinig niyang bumuntong-hininga ito. Pagkaraan ay narinig niya ang mga yabag nito papalayo at pagsarado ng pinto at kasabay niyon ang muling pagbalong ng kanyang luha.

Napatayo si Christian nang makita ang paglabas ng kaibigan. Abot-abot ang dasal niyang sana ay napaliwanagan nito ang nobya.

“Bro, I’m sorry. Hindi ko siya nakausap. Natutulog siya.”

Bumagsak ang mga balikat niya. Alam niyang gising ang katipan. Indikasyon lang na pati rito ay galit ang babae. “It’s okay.”

“Don’t worry, I’ll try to talk to her next time.”
Tinapik nito ang balikat niya.

“Yeah,” walang sigla niyang sabi.

“Ah, Christian, ilang ulit na palang tumatawag ang sekretarya ng Japanese na ka-meeting mo today. Narito na raw sa Cebu ang mga Hapon and they want to talk to you now. Six o’clock.”

Nakalimutan na niya ang importanteng project na iyon. Excited siya noon dahil napakahalaga niyon para sa kanilang kompanya. Pag naging matagumpay iyon, makikilala siya sa business world. Makapagpapatayo siya ng pinakamalaking resort at subdivision sa Pilipinas.

Subalit tila siya nawalan ng gana. Mas mahalaga sa kanya si Samantha kaysa sa anupaman. Kaya niyang ipagpalit ang lahat para rito, huwag lamang itong mawala sa buhay niya.

“Ito pala ‘yung cellphone mo. Nakita ko sa side

table sa kuwarto mo.” Inabot nito sa kanya ang aparato. Nakarehistro roon ang maraming missed calls.

“Malapit nang mag-alas-seis. You better get prepared, Pare.”

Hindi siya nagsalita. Hindi niya kayang iwan ngayon si Sam. Mag-aalala lamang siya nang labis.

“C’mon, Bro. You’ve been waiting for this opportunity,” anito nang makita ang pag-aalinlangan sa kanyang mukha.

“But...”

“Don’t worry about her. Ako ang bahala sa kanya. Babantayan at aalagaan ko siya,” pag-assure nito.

Napahinga siya nang malalim. Hindi niya dapat palampasin ang pagkakataong ito. “You’re right. Please take care of her. Itawag mo kaagad sa akin pag may masamang nangyari. Babalik kaagad ako. Kukuha na rin ako ng private nurse.” Pagkasabi niyon ay nagmamadali na siyang umalis patungo sa tinutuluyang hotel upang magbihis.

“Hi, Sam!”

Nasilayan niya ang alanganing ngiti sa mukha ni Chino. Nagtataka siya kung bakit narito pa ang lalaki. Gusto niyang itanong kung nasaan si Christian, ngunit itinikom niya ang bibig. Kailangan na niyang masanay na wala ito. Itinatak niya sa isip na wala na siyang pakialam sa lalaki.

“Mabuti naman at nagising ka na. Narito na ako kanina kaya lang natutulog ka pa. So how do you feel now?” masuyo nitong tanong.

“I’m not fine as you can see.” Hindi niya mapigilan na maging sarkastiko.

Malakas itong bumuntong-hininga. “Sam, I wanted to talk to you about what happened. It’s not what you think—”

“Chino, please,” pigil niya rito.

Subalit hindi ito nagpapigil. “Hindi nagtaksil sa iyo si Christian. Hindi ko alam kung bakit nakapasok ang babaeng iyon sa kanyang kuwarto. In fact, ako ang kasa—” Napahinto ito sa pagsasalita nang sumigaw siya.

“Stop it! Ayoko nang pag-usapan ang nangyari. Malinaw na sa akin ang lahat!”

“But it’s not what you think. Ako ang nagdala—”

pilit pa rin nito.

“Tama na. Hindi ka ba nakakaintindi? Kahit ano pa ang sasabihin mo, hindi ko iyon paniniwalaan. So stop explaining,” singhal niya.

Natigilan ito. Mayamaya ay pilit ang ngiti nito nang magsalita. “Nasa business meeting pala ngayon si Christian. Pinababantayan ka niya sa akin. Babalik rin daw siya kaagad.”

“I don't need anyone to take care of me. Kaya ko ang sarili ko. I want to be alone,” mariin niyang pahayag.

“Hindi kita puwedeng iwan, malalagot ako kay Christian. Kabilin-bilinan niyang huwag kita iiwang mag-isa,” matatag nitong sagot.

Naiiritang napatitig siya rito. “Sabihin mo sa kaibigan mong hindi ako magpapakamatay kung iyon ang inaalala niya. Hindi ko kikitlin ang sarili kong buhay dahil sa kanya.”

“Walang kasalanan si Christian sa nangyari. Ako ang dapat mong sisihin. Kasalanan ko—“

Hindi na niya pinatapos ang sasabihin nito. Punung-puno na siya sa mga kasinungalingan sa buhay niya. “Please stop it. I don't want to hear more

lies.”

Bumadha ang kalungkutan sa mukha nito. “Please open your mind, Sam. Huwag kang tuluyang magalit sa kaibigan ko. I know you’re deeply hurt but he’s also hurting. Walang may gusto sa nangyari,” pagsusumamo nito.

“He deserved it!” mariin niyang turan.

“No, Sam—”

Naputol ang anumang sasabihin pa nito nang marinig nila ang warning knock sa pinto. Pumasok ang babaeng nurse.

“Good evening, Sir, Ma’am. Ako po iyong private nurse na ni-request ni Mr. Mendez,” nakangiting saad nito.

“I’m sorry, Miss, but I don’t need your service. Magpapa-discharge na ako bukas,” walang pakundangan niyang sabi.

Namula sa pagkapahiya ang nurse. “But, Miss Lopez...”

“Ako na’ng bahalang makipag-usap kay Mr. Mendez. Anyway, thank you na lang,” pinal niyang usal. Humiga siya sa hospital bed at pumikit.

“Sam, you need to eat your dinner para makainom ka ng gamot,” untag ni Chino.

Dumilat siya at sa naiiritang tinig ay tumugon siya, “Wala akong gana.”

“Please, Sam, you need to eat,” pakiusap nito.

Hindi na siya nakapagtimpi. Sumigaw siya. “Sinabi nang wala akong gana! Ba’t ba ang kukulit n’yo? Umalis kayo rito, hindi ko kayo kailangan.”

Natigilan ang mga ito. Naramdaman na lang niyang humakbang ang mga ito palabas ng silid.

Nagmamadali ang bawat hakbang ni Christian. Nang tumawag siya sa kaibigan para alamin ang kalagayan ng nobya, hindi na siya mapakali nang sabihin nitong ayaw ni Sam na kumain at uminom ng gamot. Kulang na lang ay iwan na niya ang mga ka-meeting at magtungo sa ospital. Nakahinga siya nang maluwag nang matapos kaagad ang meeting at tagumpay na naisara ang deal. Magalang niyang tinanggihan ang mga ito nang magyaya pang maglaro sa casino upang mag-celebrate.

“Chino, kumusta na siya?” kaagad niyang tanong nang makasalubong ito sa pasilyo. “At bakit narito

ka?”

“Itinaboy niya ako,” mahinang sabi nito.

“Dammit! I told you not to leave her alone,” asik niya at tumakbo na siya sa kuwarto ng katipan. Natatakot siyang may masama itong gawin sa sarili. Pag nagkataon, ikamamatay niya iyon. Isipin pa lang niya ay halos mawala na siya sa katinuan.

Nakahinga siya nang maluwag nang makitang nakaupo ito sa kama. Nakatitig ito sa dingding at tagus-tagusan ang tingin.

“Babe,” masuyo niyang tawag rito. Pinigilan niya ang sariling dalhin ito sa mga bisig.

Napakurap ito ngunit hindi lumingon sa kanya.

“Sabi ni Chino, hindi mo raw kinain ang dinner mo. Ano’ng gusto mong kainin? Magpapabili ako,” panunuyo niya. “Babe, please, kumain ka ng dinner para mainom mo na ang mga gamot mo’t madaling bumalik ang lakas mo,” ulit niya nang hindi ito tuminag.

Hindi pa rin ito nagsalita, ngunit hindi siya nawalan ng pag-asa. Umupo siya sa tabi nito at hinawakan ang kamay nito. Dinala niya iyon sa bibig at inihaplos sa pisngi.

Nakaramdam ng init si Samantha sa ginagawa ng lalaki. Iniwasan niyang tingnan ang mukha nito. Ayaw niyang makita ang nagsusumamo nitong mukha. Natatakot siyang matibag ang pader na itinayo niya para sa sarili at muling madala sa sinasabing nitong walang hanggang pagmamahal sa kanya.

Tila hindi naman nakapagpigil sa sarili si Christian. kaagad nitong niyakap ang babae. “Sam, please, talk to me. Huwag mong gawin sa akin ito. Nahihirapan ako.” Halos nagmamakaawa na siya.

Naging desperado na siya nang wala pa ring makitang anumang reaksiyon dito. Iniharap niya ito at marahang niyugyog ang mga balikat nito. “Sam, maawa ka sa akin. Don't do this to me. Sampalin mo ako kung iyon ang nais mo. Murahin mo ako, kahit ano 'wag mo lang gawin sa akin ang silent treatment na ito.” Pagkuwan ay sabik na sabik niyang hinagkan ang mga labi nito. Tila siya uhaw na uhaw na labi lamang nito ang tanging makakatighaw.

Ngunit para siyang humahalik ng patay. Nanlulumong nasabunot niya ang buhok. “Why are you doing this to me? Wala akong kasalanan. Hindi kita pinagtaksilan. Hindi ko kayang gawin iyon sa iyo,” gumagaralgal ang tinig na pahayag niya. “Hindi ko alam kung ano ang nangyari. Kung bakit nahuli

mo kami sa tagpong iyon. Ang tangi ko lang alam ay ikaw ang nasa isip kong humahalik sa akin. Believe me, hindi ko magagawang lokohin ka.”

Wala pa rin siyang mabakas na anumang emosyon sa magandang mukha nito. Nanghina siya at pakiramdam niya ay lalo siyang nawalan ng lakas nang marinig ang sinabi nito sa walang kasinlamig na tinig.

“Babalik na ako bukas ng Maynila.”

Dumaan ang matagal na katahimikan. Gusto niyang pilitin itong pakinggan ang mga paliwanag niya hanggang maniwala ito, subalit alam niyang malabo iyong mangyari. Sarado na ang isip nito.

“No! You need to stay here for a couple of days.” Nilangkapan niya ng awtoridad ang boses.

Matalim ang tingin na ipinukol nito sa kanya. “I’ll be back in Manila tomorrow. Hindi ko hinihingi ang pagsang-ayon mo. Besides, we’re through. I have nothing to do with you anymore. ’Wag mong kalimutan iyan.”

Nagtagis ang mga bagang niya. Matinding pagtutol ang kanyang naramdaman. “I know you’re upset kaya mo nasasabi ang bagay na iyan. Kung gusto mong bumalik ng Maynila, sasamahan kita.”

Don't Give Up On Us - Diane Garcia

“I’ve made up my mind. I don’t want you in my life from now on,” anito sa determinadong tinig.

Bawat kataga ay tila patalim na humihiwa sa kanya. Dumating na ang bagay na kinatatakutan niya. Matagal bago niya nagawang magsalita. “I will call the company pilot para sunduin tayo. Magpahinga ka na muna. Magpapabili ako ng mga paborito mong pagkain,” aniya sa mahinang tinig. Lumabas na siya sa kuwarto bago tumulo ang tinitimping luha.

3

Kibuin-dili niya ang lalaki sa durasyon ng biyahe. Hindi naman nito iniinda ang malamig niyang pakikitungo rito. Naging maasikaso ito sa kanya. Naroong halos nakayapos na ito sa pag-alalay sa kanya. Lagi rin nitong kinukumusta ang pakiramdam niya. Ngunit lahat ng iyon ay ismid at malamig na tugon ang nakukuha sa kanya.

“We’re here,” anito nang makita ang helipad sa itaas ng building, ang *Mendrez Tower* na pag-aari ng pamilya nito.

Ilang minuto pa’y tuluyang lumapag ang chopper. Hindi nakatutol si Samantha nang binuhat siya nito pababa ng sasakyang-panghimpapawid. Nag-init ang kanyang mga mata nang makita ang matalik na kaibigan.

“Cheska...” paimpit niyang tawag. Umiiyak na yumakap siya rito. Gusto niyang ibuhos dito ang paghihirap at sakit ng kalooban. “I lost my baby...”

Halos madurog ang puso ni Christian sa nakikita. Gusto nitong yakapin at aluin ang babae, ngunit natatakot ito sa magiging reaksyon ng nobya.

“Hush, Sam. Marahil hindi talaga para sa inyo ang baby,” pag-aalo ni Cheska.

“No! No!” she sobbed.

“Sam, please, stop crying,” nag-aalalang saad nito. Nagpapasaklolong tumingin ito sa lalaking katabi.

“Sam,” anang baritonong boses na pamilyar sa kanya.

Iniangat niya ang luhaang mukha sa lalaking naramdaman niyang humahagod ang kamay sa kanyang likod. Rumehistro ang pagkagulat sa kanyang mukha nang makilala ito.

“Jayson...”

Ngumiti ito pero hindi umabot sa mata. Kababakasan ng pag-aalala ang mga mata nitong nakatingin sa namumulang mukha niya.

Bugso ng damdamin, kumalas siya sa kaibigan at yumakap sa lalaki. Tila siya nakahanap ng masasandalan sa presence nito.

“Sam, please stop crying. Maybe it's God's will kung bakit nangyari iyon. Tama ang sinabi ni Cheska, hindi talaga para sa 'yo ang baby na iyon. Anyway, you can still have another one,” masuyo nitong alo

sa kanya kabaligtaran ang ekspresyon ng mukha. Matalim ang tingin nito kay Christian.

Sinalubong ng huli ang matalim na titig ng lalaki. Hindi niya kailangan maapektuhan dahil wala siyang kasalanan. Ang tanging nararamdaman niya sa mga oras na ito ay panibugho sa pagyayakapan ng dalawa. Nakaramdam siya ng takot sa pagdating nito. Sa sitwasyon ngayon, hindi makabubuti ang presence nito. Pakiramdam niya ay lalo lamang gugulo ang magulo nang sitwasyon.

“Halika na, ihahatid na kita,” ani Jayson.

Nakaakbay na inakay siya nito. Nakasunod naman si Cheska na tumango kay Christian.

“Wait! Ako ang maghahatid sa kanya,” pigil ng binata.

“Kami na lang,” malamig na tugon ni Jayson.

Hindi na nagpumilit pa si Christian. Bagsak ang mga balikat na nakatingin ito sa tatlo.

Kalmado na si Samantha nang makarating sa kanyang townhouse. Sinamahan siya ng mga kaibigan ito hanggang sa kuwarto niya.

“So what really happened?” usisa ni Cheska.

Isinalaysay niya ang lahat ng pangyayari sa kabila ng kirot sa kanyang dibdib. Nagtatagis ang mga bagang ni Jayson sa naririnig samantalang si Cheska ay hindi makapaniwala. Para rito, mahirap paniwalaang niloko ng lalaki ang kaibigan. Batid nito kung gaano kamahal ni Christian ang dalaga. Para itong babasaging kristal na pinakaiingat-ingatan.

“Ang hayup na iyon!” bulalas ni Jayson na kumuyom ang kamay sa matinding galit.

“Sam, sigurado ka ba sa nakita mo?” hindi pa rin makapaniwalang tanong ni Cheska.

“Oo! Kitang-kita ng dalawang mata ko ang pagtataksil niya sa akin,” asik niya rito.

“Pero—”

“Tama na, Cheska,” agaw ni Jayson sa ibang sasabihin ng babae. “Hindi mo ba kayang paniwalaan na magagawa iyon ng hayup na iyon?”

Hindi nito pinansin ang outburst ng kababata. “Pero... nakinig ka ba sa mga paliwanag niya?”

“No! I don't want to hear anymore lies. Enough is enough. Niloko niya ako at iyon lang ang alam ko,” mariing saad niya.

“But—”

Galit na sumigaw si Jayson para pigilan ang anumang sasabihin pa ng kababata. Hindi nito maintindihan kung bakit ipinagtatanggol pa nito si Christian. “Ano ka ba naman, Cheska! Niloko na nga ng lalaking iyon ang kaibigan natin, ipinagtatanggol mo pa.”

Hindi nakapagsalita si Cheska. Nalilitong napatingin na lang ito sa kanya.

“I hate him! Hindi ko siya mapapatawad!” outburst niya. Pinagsusuntok niya ang mga unan sa kamang inuupuan.

Tumabi ito sa kanya gayundin ang binata na hinawakan ang mga kamay niya at marahang pinisil.

“I understand how you feel, Sam. I know it hurts, pero makakalimutan mo rin ang lahat ng masamang nangyari. Narito lang kami ni Cheska lalo na ako. I will always be here for you, you know that. Hindi kita iiwan,” pang-a-assure ng lalaki.

Mapait ang ngiting sumilay sa kanyang mga labi. Kahit papaano ay nakagaan sa dinadala niya ang presence ng mga taong malalapit sa kanyang puso.

Namayani ang saglit na katahimikan. Tanging

buntong-hininga lamang niya ang naririnig.

“Kelan ka pala dumating rito, Jayson?” tanong niya nang kalmado na ang kalooban. Hindi man lang niya nabalitaang darating ito. Mula nang magtungo ito sa America para makalimot sa kabiguan sa kanya, nawalan na siya ng komunikasyon dito dahil na rin sa kagustuhan nilang dalawa.

“Kahapon lang. Nasa bahay ako ni Cheska nang tumawag ka sa kanya. Marami akong pasalubong sa iyo.”

“Talaga?” kulang sa siglang sabi niya.

Masuyo nitong hinaplos ang kanyang pisngi. Nagniningning ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. Naroon ang pananabik at pagsuyo.

“I miss you, Sam,” masuyong bulong nito.

Napakurap siya. “I miss you too, Jayson,” aniyang bukal sa kalooban.

Na-miss niya ang presence nito sa kanyang buhay. Nag-iisa siyang anak. Ito ang nagsilbing nakatatandang kapatid sa kanya. Akala niya ay kapatid din ang turing nito kaya nagulat siya nang bigla itong magtapat ng damdamin sa kanya. Sinikap niyang matutunan itong mahalín, ngunit dumating

sa buhay niya si Christian.

Narito ang lahat ng mga katangiang hinahanap ng mga babae sa isang lalaki. Masuwerte ang babaeng mamahalin nito sapagkat nakasisigurong one-woman man ito. At siya ang babaeng iyon, subalit ang tanga niyang puso ay nagmahal sa lalaking mapaglaro sa pag-ibig.

“Hijo, narito ka na pala. Ang alam ko sa susunod na araw ka pa darating,” nagtatakang bungad ni Doña Belinda sa anak.

Humalik siya sa pisngi ng ina. He loved and adored his parents very much. Idolo niya ang ama sa lahat ng bagay. And his mother was the epitome of a perfect woman. Just like Samantha...

Nag-iisa lamang siyang anak. Nagkaroon ng komplikasyon ang ina nang ipinagbubuntis pa lamang siya kaya hindi na siya nasundan. Kaya hindi nakapagtatakang naging spoiled siya. Marami siyang kalokohan na inaayos ng mga ito, subalit kailanman hindi siya na-involve sa ipinagbabawal na gamot. Iyon ang kabilin-bilinan ng mga ito sa kanya.

“Kasama mo ba si Samantha?” muling tanong nito.

Tumango lamang siya. He felt so tired—emotionally tired.

Nagulat siya nang bigla itong yumakap sa kanya. “Oh, Hijo. I’m so happy! Magkakaroon na ako ng apo. Pati ang papa mo’y sobrang excited. Hiniling niya na sana’y lalaki ang dinadala ni Sam. Para sa akin nama’y mas gusto kong babae,” anitong kumikinang ang mga mata sa sobrang excitement.

Lalo siyang nakaramdam ng hapo. Paano niya ipapaliwanag sa mga magulang na nalaglag ang bata?

“P-paano po n’yo nalaman?” usisa niya sa naghihirap na kalooban.

“Dumaan rito si Sam pagkagaling niya sa doktor. She’s so excited to bring out the news to everybody. At ayaw pa niyang itawag lang ang balitang iyon sa’yo. She wanted to personally see your reaction kaya sinundan ka niya sa Cebu.” Napakunot-noo ito nang mapansin ang matinding kalungkutan na nakaguhit sa kanyang mukha. Napansin nito ang panlalalim ng kanyang mga mata.

So that explained her unexpected arrival. At marahil kaya marami itong dalang gamit ay upang yayain siyang manatili pa roon nang ilang araw.

Oh, God! He wanted to break the neck of that

bitch!

“What’s wrong, Honey?” nag-aalalang tanong ni Doña Belinda sa anak na nangungulimlim ang mukha.

Matagal bago niya nagawang magsalita at sa lalong paghihirap ng kalooban, isinalaysay niya ang nangyari. Kitang-kita niya ang bumalatay na sakit sa mukha ng ina na dagli ring napalitan ng concern at pag-aalala.

“Oh, God! This must have been so hard for Sam.”

“She’s so angry. She blamed me for what happened. For heaven’s sake, I love her so much. Hindi ko magagawang saktan siya,” nanggipuspos niyang saad. Nahilamos niya ang palad sa mukha.

Damang-dama ng ginang ang paghihirap ng anak. Bilang ina, nahihirapan itong makita siyang nasasaktan. She knew how much her son loved Sam.

“She’s just upset right now, Hijo. Give her time.” Niyakap siya nito.

Sana. Sana upset lang ang nobya kaya nasabi nitong tinatapos na nito ang kanilang relasyon. He was hoping against hope. Kung hindi man, hindi siya papayag sa desisyon nito. Wala siyang kasalanan. He

didn't have to feel guilty. Kaya hindi niya pababayaang mawala sa buhay niya ang babaeng pinakamamahal.

“You're right, Ma,” aniyang bahagyang ngumiti. “I need to rest. Ilang araw na akong walang tulog.” Pumanaog na siya sa hagdanan.

Nag-aalalang sinundan siya nito ng tingin.

Isang linggo na ang nakalipas magmula nang mangyari ang di-magandang insidente sa buhay ni Samantha. Ang bakasyong hiningi niya sa opisina para sa hindi natuloy na balak ay nagamit niya sa ilang araw na pagmumukmok sa kanyang bahay.

Hindi rin tumawag si Christian. Aminin man niya o hindi, nasasaktan siya. Ibayong sakit ang dulot ng kaisipang tuluyan na siya nitong kinalimutan.

Nasaan ang sinasabi nitong mahal na mahal siya? Di man lang siya magawang kumustahin.

Subalit hindi ba iyon ang gusto niya?

Napukaw ang pag-iisip niya nang marinig ang tunog ng doorbell. Hindi na niya kailangang sumilip sa bintana upang malaman kung sino ang kanyang bisita. Batid niyang si Jayson iyon. Walang araw na lumipas na hindi ito dumadalaw sa kanya. Pilit siya

nitong inaaliw. Malaking tulong ang presence nito upang mabawasan ang kanyang kalungkutan.

“Hello, Beautiful!” masiglang bati nito. Kasunod nito ang katulong na nagbukas ng gate. Lumapit ito sa kanya at hinalikan siya sa pisngi.

“Hi, Handsome!” Pilit siyang ngumiti.

“Labas tayo,” anyaya nito.

Umiling siya bilang pagtangga.

“C'mon, Sam. Namumutla ka na sa ilang araw na pagmumukmok rito. Sige na, please,” pagsusumamo nito. Kumindat pa ito.

Napangiti siya. Mahirap tanggihan ang nagsusumamo nitong titig. “Okay, okay.” Humakbang na siya patungo sa kanyang kuwarto para magpalit.

Tuwang-tuwa naman ito. “Good! Make it fast, huh. And bring swimwear,” pahabol nito.

Ilang oras pa’y papasok na ang kanilang sasakyan sa isang kilalang resort sa Batangas. Umupa sila ng isang cottage. Hindi siya naiilang dito. Sanay siyang napag-iisa sila. Ipinagtataka niya noon kung bakit hindi man lang siya nakakaramdam ng kakaibang

init tuwing nagkakalapit ang kanilang mga katawan. Ngayon niya napagtantong dahil iyon sa wala siyang nararamdamang pag-ibig at sexual desire dito. Iisang lalaki lamang ang nakapukaw ng ganoong damdamin sa kanya na kahit isipin lang ang guwapong mukha nito ay may kakaibang kiliti na siyang nararamdaman sa bawat himaymay ng kanyang pagkatao.

“Mauna ka nang magbihis,” utos nito nang pumasok sila sa isang katamtamang laki ng inupahang cottage. “I will prepare our food.” Talagang pinaghandaan nito ang pagtungo nila sa beach. Nagdala ito ng maraming pagkain na halos lahat ay mga paborito niya.

Pumasok na siya sa banyo. Inilabas niya sa bag ang one-piece swimsuit na dala. Conservative ang style sapagkat ayaw niyang pagpiyestahan ng mga lalaki ang kanyang katawan. Gayunpaman, hindi iyon sapat upang maitago ang magandang hubog ng kanyang katawan, ang malusog niyang dibdib, maliit na baywang at mahahabang binti.

Nagsuot siya ng robe nang lumabas mula sa banyo. “Magpalit ka na rin. Ako na diyan.”

Kaagad naman itong pumasok sa CR at saglit pa’y lumabas itong naka-swimming trunks. Lihim siyang humanga sa magandang pangangatawan nito. Wala

man lang excess fat o beer belly. Halatang alaga sa ehersisyo katulad ni Christian.

For God's sake, Sam! Stop thinking about him! sermon niya sa sarili. It's so unfair for Jayson. Ito ang kasama niya, subalit ibang lalaki ang nasa isip niya. Pero hindi niya masisisi ang sarili. Naalala niyang minsan ay nagtungo sila sa isang resort sa Tagaytay. They spent most of their time making love in their cottage. Hindi nila pinagsasawaan angkinin ang isa't isa. That time, she realized how much Christian desired her, na para bang siya lamang ang tanging makakatighaw sa uhaw nito. And every lovemaking has always an earth-shattering climax. It's always better than the last.

“Sam...”

Napamulagat siya. Hindi niya namalayang nakapikit na pala siya. Nanunuri ang titig ng lalaki sa kanya. Nag-iwas siya ng tingin. She was very transparent. Her eyes said it all. Bukod pa sa kilalang-kilala na siya nito.

Nagpatiuna na siyang humakbang palabas, ngunit pinigilan siya nito.

“Start forgetting him, Sam. Masasaktan ka lang kung palagi mo siyang iisipin.”

Hindi siya lumingon. Hindi siya makahagilap ng tamang sasabihin. Madaling sabihin pero mahirap gawin. Kung alam lang nitong ginagawa niya ang lahat para makalimutan ang tungkol sa dating kasintahan. Niloko at sinaktan siya, subalit nanatili ang pagmamahal niya rito; may pakiramdam nga siyang hindi man lang iyon nabawasan.

“Yeah,” sambit niyang labas sa ilong. “Makakalimutan ko din siya.”

Jayson smiled triumphantly. “Let’s go. Gusto ko nang maligo,” masiglang yaya nito. Hinawakan siya sa kamay at patakbo silang lumapit sa dagat.

Walang kapaguran silang nagkarera sa tubig.

“Ayoko na, suko na talaga ako. Pag swimming, hindi talaga kita matalo,” humihingal niyang sabi. Totoo ang ngiti at tawang pinapakawalan niya.

Napangisi ito. “Ano’ng magagawa ko kung talagang mas magaling akong mag-swimming kaysa sa iyo,” pambubuska nito.

Sinabuyan niya ito ng tubig. “Yabang mo!”

“So, can I have my reward now?” Pilyo ang ngiting naglalaro sa mga labi nito.

“And what is that reward?”

“A kiss...” He pouted his lips.

Natigilan siya. Nililimi niya sa isip kung seryoso ito o nagbibiro lamang. Pinili niya ang huli.

Nagpakawala siya ng malutong na halakhak. “You’re kidding! Halika na. Mainit na ang sinag ng araw.”

Sa pagtataka niya ay lumungkot ang mukha nito. Walang siglang hinawakan siya sa kamay.

“I have been to Hawaii and to some beautiful beaches in the world, but this is the happiest moment I experienced in the beach,” anitong nakatingin sa mga along humahampas sa dalampasigan.

Katatapos lang nilang kumain at kasalukuyan silang nagpapahangin sa veranda ng cottage.

“Bakit naman?” wala sa loob na tanong ni Samantha.

Napakurap siya nang sa pagtingin sa isang cottage malapit sa kanila ay makita niya ang pamilyar na mukha. Matalim ang tingin nitong nakatitig sa kanila. Napayuko siya at nang muling tumingin sa dakong iyon ay wala na ito.

Gusto niyang magalit sa sarili. Sa kaiisip sa dating nobyo ay namamalikmata na siya. Nagulat pa siya nang biglang hawakan ni Jayson ang kanyang mga kamay.

Malamlam ang mga mata nitong nakatitig sa kanya. “It’s because you’re with me,” puno ng emosyong saad nito.

Nalilitong napatitig siya rito. Ilang saglit na binalikan niya sa isip ang pinag-uusapan nila. Nakagat niya ang pang-ibabang labi nang mapagtanto ang ibig nitong ipahiwatig.

Hindi siya nito binigyan ng pagkakataong magsalita. Nagpatuloy ito sa pagtatapat ng nararamdaman. “I know this isn’t the right time to tell you this, but I still love you, Samantha. Hindi natutong makalimot ang puso ko. Umalis ako noon para makalimutan ang pait ng pagkabigo sa pag-ibig mo. I want you to be happy kaya nagpaubaya ako.”

“Jayson...”

“I came back without a purpose, but when I found out what happened to your relationship with him, nabigyan ako ng pag-asa. I told myself, I will win your heart no matter what. This time, I won’t give up.”

Hindi siya nakahuma sa sinabi nito. Nakatitig lamang siya sa mga mata nitong kababakasan ng katapatan.

Nagpatuloy ito, “I wanted to kill Christian for hurting you. Kung ako sana ang minahal mo, hindi ko magagawang saktan ka. Pakamamahalin at sasambahin kita.”

Napakurap ang dalaga. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin at gagawin. She was flattered, all right, but there was something missing. Wala ang lakas ng kabog ng dibdib at bilis ng tibok ng puso. She just felt elated like what the other girls feel kapag may nagtatapat ng pag-ibig sa mga ito.

Tila nabasa nito ang nararamdaman niya. “I know you don't love me. Si Christian pa rin ang nasa puso mo. I understand that. But please learn to love me. Gagawin ko ang lahat ng nais mo, mahalin mo lang ako,” pagsusumamo nito.

Namayani ang mahabang katahimikan. Nakatitig lamang sila sa isa't isa. Nalilito siya. Hindi niya alam kung ano ang dapat maramdaman. She opened her mouth to speak but no words came out. Kung matuturuan lang ang puso ay ibabaling niya ang pagmamahal dito, subalit ito na rin ang nagsabing hindi madali ang lahat.

Unti-unting bumaba ang mukha nito. Batid niyang hahalikan siya nito ngunit hindi siya umiwas. Gusto niyang malaman kung ano ang mararamdaman sa halik nito.

Bago pa man maglapat ang kanilang mga labi, nahinto iyon nang marinig niya ang isang tinig na pamilyar na pamilyar sa kanya.

Nakatayo sa ibaba ng hagdanan si Christian. Nagliliyab ang mga mata nitong nakatingin sa kanila. Mahigpit na nakakuyom ang mga kamay nito.

In few steps, he was already in front of them. Naggagalawan ang mga muscles nito sa mukha at natatakot siya sa ibinabadya ng matinding galit nito.

“I appreciate the time you’ve spent with my fiancée, Jayson. Nabawasan ang kalungkutan niya sa masamang nangyari sa pagitan namin.” Malamig ang tinig nito subalit alam niyang sa likod niyon ay ang pinipigil na matinding galit.

Binaklas nito ang kamay niyang hawak ni Jayson. Hindi pa rin niya magawang magsalita. Hindi siya makapaniwalang nasa kanyang harapan ang lalaking pilit man niyang kinamumuhian ay kinasasabikan ng kanyang puso.

“But that’s all. I don’t want to see you near her

again. I'm very possessive of my woman. I'm not willing to share, maging sino pa man iyon," saad nito sa nagbabantang tono. Hinapit siya palapit sa katawan nito.

"What are you doing here?" aniyang nalilito pa rin.

"I followed my *fiancée* here," pagdiriin nito. "Mula pa sa Maynila'y nakasunod na ako sa inyo which I'm glad I did. Aagawin na pala ang babaeng pakakasalan ko'y wala pa akong kamalay-malay." Nanunumbat ang titig nito. "Alam kong ilang araw na kayong magkasama. Tiniis kong 'wag munang magpakita sa 'yo dahil alam kung kailangan mo ng space. Pero hindi ko inaakalang ganito ang dadatnan ko ngayon."

Akma siyang magsasalita nang inunahan siya ng tinig ni Jayson. In a sarcastic tone, he said, "She's *not* your *fiancée* anymore, remember? You've *lost* your right when you betrayed her!"

That rang a bell. Muling bumangon ang galit sa kanyang dibdib para sa lalaki.

Humulagpos ang galit na tinitimpi ni Christian. Nagsisiklab sa apoy ang mga mata nito na lumapit kay Jayson, subalit maagap siyang pumagitna.

“Tama na!”

Nagngangalit ang mga bagang ng lalaki habang nakatingin kay Jayson. Ang huli naman ay balewalang sinalubong ang galit na titig nito.

“I didn’t make love to that woman!” he yelled.

Pabale-walang nagkibit ng balikat ang karibal. “Tell that to the marines!”

Namumula na ang mukha ni Christian sa galit. Narinig nito ang lahat ng sinabi ng lalaki kay Samantha. At sa pinagsamang galit at selos, mapapatay nito si Jayson. “Walanghiya ka! You can’t take Sam away from me! Akin lang siya!” Halos ipagsigawan nito iyon sa mukha ng binata.

Tumaas lang ang kilay nito at tila naghahamon ang ekspresyon ng mukha. Bago pa namalayan ng dalaga, nakalapit na ang dating katipan at naundayan na nito ng malakas na suntok sa mukha ang kaibigan niya.

“Damn you! Di mo maaagaw sa akin si Sam!”

Napabalandra sa sahig si Jayson sa lakas ng suntok ng lalaki.

Napatili siya. Kaagad niyang niyakap ang una nang makitang muling sasaktan ito ng dating nobyo.

“Umalis ka rito! Wala kang karapatang saktan ang kaibigan ko!” bulyaw niya.

Napatda ang binata, labis itong nasaktan. “He’s *not* your friend! Nanliligaw siya sa iyo!” angil nito.

Hinarap niya ito. “Wala kang pakialam! Baka nakakalimutan mong *tapos* na ang lahat sa atin!”

Matagal itong hindi nakapagsalita. Waring hindi ito makapaniwala habang nakatingin sa kanya. “That’s not true!” anito sa basag na tinig.

“Tinapos mo na ang lahat sa atin nang pinagtaksilan mo ako!” mariin niyang pahayag.

Kumuyom ang kamay nito; matinding pagtutol ang nakarehistro sa mukha. “Hindi ako papayag!” sigaw nito.

Sarkastiko siyang tumawa. “You don’t have the right to tell me that! Tama si Jayson.” Sinulyapan niya ang kaibigan. “You lost your right when you betrayed me!”

Sumusukong napahawak ito sa noo. Napapagod na itong ipagtanggol ang sarili. “Hindi ko alam kung paano kita mapapaniwalang wala akong kasalanan,” nanlulumo nitong usal.

Saglit siyang nakaramdam ng awa sa desperadong

anyo nito. Pinigil niya ang sariling yakapin ito.

Pagkuwan ay muli itong nagsalita sa basag na tinig. Namamasa ang mga mata nito. “I will not give you up.”

Bagsak ang mga balikat na humakbang ito palayo sa kanila. Kasabay ng pagkawala nito sa kanyang paningin ang pagdaloy ng luha sa kanyang magandang mukha.

“Are you okay?” nag-aalalang tanong ni Jayson sa dalaga. Saglit itong sumulyap sa kanya at kaagad itinuon ang paningin sa daan. Mahigit isang oras na silang bumibiyahe pauwi sa Manila.

Kaagad siyang nagyayang umuwi. Dagling nawala ang kanyang sigla sa nangyari.

“I’m okay,” she lied. The incident kept popping in her mind. Hindi niya makalimutan ang nasasaktang mukha ng dating kasintahan sapagkat tila siya ay nasasaktan rin. “I’m sorry for what happened...”

“You don’t have to say sorry. Wala kang kasalanan, Sam. Kasalanan lahat ng lalaking iyon.” Ramdam niya ang matinding pagkamuhi nito kay Christian.

Muling namayani ang katahimikan. Ang tanging

naririnig sa loob ng sasakyan ay ang love song na pinatutugtog nito.

Nagbuntong-hininga ito. “Sam...about what I told you...” alanganin nitong saad.

“What about it?” Matagal bago niya nagawang tumugon. Wala siya sa tamang kaisipan upang gumawa ng desisyon. Ayaw niyang maging unfair sa lalaki. Napakabuti nito sa kanya. Hindi niya gugustuhing muli itong masaktan.

“Please think about it.” There was a hint of fear and insecurity in his voice.

“Jayson... I’m not yet ready.”

Muli itong nagbuntong-hininga. “I’m not rushing you. I’m willing to wait.”